



Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通话/普通話), Cantonese (广东话/廣東話), Korean (한국어), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali/Bangla (বাংলা).



May karapatan ka humihingi ng tulong sa lugar ng iyong botohoan

Hindi ako komportable na bumotong mag-isa. Maaari ba akong magdala ng isang tao para tumulong sa pagboto?

Oo. Mayroon kang karapatan na magdala ng tao kung saan ka boboto upang makatulong sa iyo. Ang taong ito ay maaaring maging isang kaibigan, kamag-anak, sinomang pinagkakatiwalaan mo. Ito lamang ay hindi maaaring ang iyong amo o kinatawan ng unyon ng manggagawa.

Ano ang batas ang nagbibigay sa akin ng ganitong karapatan?

Ang Sekyon 208 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto o Voting Rights Act (VRA) ay nagbibigay sa bawat botante ng karapatan na magdala ng tao na gusto nila kung saan sila boboto kung nangangailangan sila ng tulong sa pagboto.

Paano ko malalaman kung makinabang ako sa batas na ito?

Kung ang iyong sariling wika ay hindi Ingles at nahihirapahan kang mag-Ingles, pwede mong gamitin ang batas na ito. Maaari mo ring gamitin ang batas na ito kung ikaw ay bulag o hindi nakakakita nang husto, mayroong pagkabalda, o problema sa pagbabasa o pagsusulat.

Ano ang kailangan kong gawin sa Araw ng Halalan upang magkaroon ng isang tao na tutulong sa akin sa pagboto?

Dalhin ang taong tutulong sa iyo sa lugar ng pagbobotohan. Sabihan sa mga opisyal na pinili mo ang taong ito upang tulungan ka sa pagboto. Kailangan mong punuin ang isang porma na nagsasabing ikaw ay may kahirapan sa pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat o pag-uunawa sa Ingles at humiling sa taong ito na tulungan ka. Ang taong tumutulong sa iyo ay maaari ring punuin ang isang porma na sumusumpa na siya ay hindi nagsabi sa iyo kung papaano bumoto.

What should I do if they do not allow me to bring someone with me into the voting booth?

May mga opisyal ng halalan na hindi alam ang tungkol sa seksyon 208 ng VRA. Kung magdadala ka ng tao na tutulong sa'yo at ang opisyal ng halalan ay hindi pumayag na tulungan ka, ipakita ang papel na ito. Kung ang opisyal ng halalan ay hindi pa rin pumapayag, hanapin ang pinakamataas na ranggo sa lugar ng pagbobotohan o tumawag sa aming hotline: 1-888-API-VOTE.

Alam mo ba?

- ◆ Pwede kang magdala ng isang kapamilya, kapitbahay, o sinumang pinagkakatiwalaan mo upang makatulong sa iyong pagboto.

1-888-API-VOTE: TULONG SA WIKA? TAWAGAN ITO SA ARAW NG HALALAN

Para sa karagdagang impormasyon sa mga botanteng limitado ang Ingles, bumisita sa: www.advancingjustice-aajc.org/language-rights.